



SCHOOL RESOURCE OFFICERS

PAPEL NG SRO

Ang **pangunahing papel** ng School Resource Officers ay makapag-ambag sa pagkakaroon ng maayos na komunidad sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa mga estudyante at pagbibigay ng lakas ng loob sa kanila na gumawa ng positibong desisyon.

Regular na nakikipag-ugnayan ang mga SRO sa mga estudyante sa iba't ibang paraan, kabilang na ang mga lockdown drill, presentasyon sa paaralan, at mga gawaing ekstrakurikular. Maaari rin silang makipag-ugnayan sa mga estudyante batay sa kanilang asal o kilos sa loob at sa labas ng paaralan.

Ang SROs ay nakatalaga sa pakikipag-ugnayan sa mga estudyante higit kaysa sa pagpapatupad, at naroroon sa mga paaralan upang tulungan ka at ang iyong mga anak kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa:

- Paano manatiling ligtas
- Policing (sa komunidad o bilang posibleng karera)
- Batas ng Canada at ng sistemang legal
- Bullying o cyberbullying

Kung ang isang estudyante ay nasangkot sa isang usapin sa ilalim ng Youth Criminal Justice Act (YCJA) na nagreresulta sa mga kaso o pagkaka-refer sa diversion ng SRO, ipaalam ito sa magulang o tagapag-alaga. Bukod dito, maaaring makipag-ugnayan ang SRO, mga kawani ng paaralan, o pamunuan sa mga magulang ayon sa kanilang pagpapasya hinggil sa asal ng estudyante sa paaralan.

PRESENSIYA NG SRO SA MGA PAARALAN

Dahil karamihan sa mga opisyal ay nakatalaga upang suportahan ang higit sa isang paaralan, maaaring hindi mo makita ang iyong SRO sa paaralan araw-araw. Nakikipagtulungan ang mga opisyal sa pamunuan ng paaralan upang tukuyin ang mga araw na pinakamainam para sila ay nasa paaralan.

Kung nais mong malaman kung naroon ang iyong SRO sa paaralan sa isang partikular na araw, makipag-ugnayan lamang sa pangunahing opisina ng inyong paaralan.

LOCKDOWNS at DRILLS

Ang lockdown sa paaralan ay isang pamamaraan na isinasagawa kapag naniniwala ang mga opisyal ng paaralan na may makatotohanang banta sa kaligtasan ng mga estudyante at kawani. Ang mga patakaran at pamamaraan ng lockdown ay itinakda ng lupon ng paaralan.

Ang layunin ng lockdown ay panatilihin ang ligtas ang mga estudyante at kawani sa pamamagitan ng pag-uutos sa lahat ng nasa paaralan na magtago sa isang ligtas na lugar sa loob ng gusali.

Sa Calgary, kinakailangang magsanay ang mga paaralan ng lockdown katulad ng kanilang pagsasanay sa fire drill. Nakakatulong ang mga lockdown drill upang malaman ng mga kawani ng paaralan at mga estudyante ang tamang mga pamamaraan sa oras ng emerhensiya. Tinutulungan ng School Resource Officers ang mga paaralan sa pagsasagawa ng lockdown drill sa buong taon.

ANO ANG AASAHAN SA ISANG LOCKDOWN DRILL

Nagsisimula ang mga lockdown at lockdown drill sa isang panloob na anunsyo at alarma. Dapat sumunod ang mga estudyante sa tagubilin ng kanilang mga guro habang isinasagawa ang lockdown.

Bibigyang pansin ng mga pulis ang bawat silid-aralan, opisina, at lugar sa paaralan upang kumustahin ang mga estudyante at kawani, magbigay ng impormasyon, at sumagot sa mga katanungan. Kung ikaw o ang iyong mga anak ay nangangailangan ng suporta, o kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa mga lockdown o lockdown drill, makipag-ugnayan sa pamunuan ng inyong paaralan o sa inyong School Resource Officer.



SCHOOL RESOURCE OFFICERS

MAG-ULAT NG KRIMEN

Maaaring tumulong ang School Resource Officers sa mga estudyanteng nais mag-ulat ng mga krimeng naganap sa loob ng paaralan.

Kung kailangan mo ng suporta mula sa iyong SRO sa araw na wala sila sa paaralan, makipag-ugnayan sa pangunahing opisina na maaaring kumontak sa iyong itinalagang opisyal.

Para sa mga emerhensiya o upang iulat ang mga krimeng kasalukuyang nagaganap, **tumawag sa 911**.



SRO REIMAGINATION PROJECT

Noong 2020, ang Serbisyo ng Pulisya ng Calgary ay nakatuon sa walang humpay sa paghahangad nitong buwagin ang sistematikong kapootang panlahi at maging isang anti-racist, patas at inklusibong serbisyo ng pulisya. Bilang bahagi ng mga pangakong ito, ang Serbisyo ay nakatuon sa pagpapaunlad ng isang mas napapabilang at sumusuportang kapaligiran sa pamamagitan ng programang School Resource Officer (SRO).

Batid ng CPS ang mga negatibong karanasan ng maraming estudyante at kanilang mga pamilya na karapat-dapat sa pagkakapantay-pantay kaugnay ng pakikitungo sa pulisya. Batay sa mga aral na natutunan sa paglipas ng mga taon, kabilang na ang malawakang konsultasyon sa komunidad hinggil sa mga programang nakatuon sa komunidad, ang programang SRO ay nakatuon sa pagpapatupad ng isang programa na isinasaalang-alang at naglalayong tugunan ang pangangailangan ng lahat ng estudyante sa Calgary.

Patuloy na tinatrabaho ng CPS ang mga rekomendasyon upang higit pang mapabuti ang programang SRO. Ang mga update tungkol sa progreso ay makukuha sa calgarypolice.ca.